Republika ng Pilipinas
Tanggapan ng Pangulo

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

KAPASIYAHAN NG KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER BLG. 16- 21
Serye 2016

PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN PARA SA MEDYO MATAGALANG PLANO 2017-2020

SAPAGKAT, iniaatas ng Batas Republika Blg. 7104 na mandato ng KWF na magbalangkas ng mga patakaran, plano, at programa upang matiyak ang higit at patuluyang pagpapaunlad, pagpapayaman, pagpapalaganap, at preserbasyon ng Filipino at iba pang mga wika ng Filipinas at magtakda ng mga tuntunin, regulasyon, at patnubay upang isakatuparan ang mga patakaran, mga plano, at mga programa nitó;

SAPAGKAT, iniaatas pa ng naturang batas sa KWF na tawagan ang alinmang kagawaran, kawanihan, opisina, ahensiya, o alinmang kasangkapan ng Pamahalaan, o alinmang pribadong entidad, institusyon, o organisasyon para sa kooperasyon at tulong sa pagtupad ng mga gawain, tungkulin, at pananagutan nitó;

IPINAPASIYA, gaya ng ginagawang pagpapasiya ngayon, na pagtibayin ang kalakip na Medyo Matagalang Plano 2017-2020 ng KWF na magsisilbing gabay ng Komisyon sa pagpapatupad ng mga programa at proyekto nitó, at may tuon sa pagpapalakas ng mga ugnayan para sa paggamit ng wikang Filipino sa iba't ibang dominyo, pagpapatatag sa saliksik pangwika at pangkultura, pagpapaigting sa pagsubaybay at implementasyon ng mga patakarang pangwika, at pagpapaunlad sa mga panloob na sistema ng ahensiya;

IPINAPASIYA sa wakas, na ilalathala ang Medyo Matagalang Plano 2017-2020 na ito sa isang bukod na publikasyon / pamplet na ipamamahagi naman ng KWF sa DepEd, CHED, DILG, CSC, at iba pang mga katuwang at kabalikat nitóng mga institusyon, organisasyon, at indibidwal sa pagpapalaganap ng mga programa at proyektong pangwika sa bansa.

PINAGTIBAY ng Kalupunan ng mga Komisyoner ngayong 22 Hunyo 2016 sa Las Casas Filipinas de Acuzar, Bagac, Bataan.

KOM. VIRGILIO S. ALMARIO, NA
Tagapangulo

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
TINANGGAP
Petsa: 7/05/16 Oras: 11:21
Ni:
YUNIT NG MGA KASULATAN

KAPASIYAHAN NG KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER BLG. 16- 21
Serye 2016

KOM. PURIFICACION DELIMA
Kagawad

KOM. LORNA E. FLORES
Kagawad

KOM. ABDON M. BALDE JR.
Kagawad

KOM. JOHN E. BARRIOS
Kagawad

KOM. JIMMY B. FONG
Kagawad

KOM. JERRY B. GRACIO
Kagawad

KOM. MA. CRISANTA N. FLORES
Kagawad

KOM. LUCENA P. SAMSON
Kagawad

KOM. ABRAHAM P. SAKILI
Kagawad

KOM. HOPE S. YU
Kagawad